Pangangasiwang LPS

(LPS Conservatorship)

Batas na Lanterman-Petris-Short

Welf. & Inst. Code Sections 5350 et seq.

Note: When this publication was originally published, we were known as Protection & Advocacy, Inc. (PAI). In October 2008, we changed our name from PAI to Disability Rights California.

ANO ANG LPS CONSERVATORSHIP?

Ang LPS Conservatorship ay kapag nagtalaga ang isang hukom ng isang tao para gumawa ng ilang desisyon para sa iyo. Ang taong ito ay tinatawag na conservator.

SAAN AKO MAY KARAPATANG MANIRAHAN KUNG INILAGAY SA LPS CONSERVATORSHIP?

- Ang LPS conservator ay may tungkuling ilagay ka sa isang nakaugnay na lugar na angkop sa iyong mga pangangailangan.
- Ang conservator ay dapat kumuha ng suporta para makatira ka sa sarili mong lugar o sa bahay ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya.
- May karapatan kang manirahan sa malapit sa iyong pamilya, mga kaibigan at sa iyong komunidad.
- May karapatan kang manirahan kung saan mas marami ang matutuhan mong kasanayan sa independiyenteng pamumuhay.

KAILAN AKO ILALAGAY SA LPS CONSERVATORSHIP

Puwede kang ilagay sa LPS conservatorship kung ipinasiya ng hukom na ikaw ay nagtataglay ng "matinding kapansanan." Ito ay nangangahulugan na ikaw ay may kapansanang pangkaisipan na inaalisan ka ng kakayahang magkaloob ng sariling pagkain, damit at tirahan.

ANO ANG KAPANSANANG PANGKAISIPAN?

Ang batas sa LPS ay tumutukoy sa isang "sakit ng isip." Ito ay malawak na binigyan ng kahulugan upang masakop ang mga taong nasuring may sakit na Alzheimer, mga pinsala sa utak o ibang mga organikong kondisyon. Hindi kabilang dito ang pagsusuri ng pagkaantala ng kaisipan lamang.

PAANO IPINAPASIYA NG HUKOM KUNG KAILANGAN KO NG CONSERVATOR?

- Sinusuri ng hukom ang isang petisyon, na puwede lamang iharap ng imbestigador ng county ukol sa conservatorship.
- Dapat itong suportahan ng dalawang psychiatrist.
- Dapat kang bigyan ng isang kopya ng petisyon at sabihan kapag ang hukom ay magsasagawa ng pagdinig tungkol dito.

ANO ANG AKING MGA KARAPATAN NA SALUNGATIN ITO?

- May karapatan kang kumuha ng abugado o kumuha ng pampublikong tagapagtanggol na walang bayad.
- May karapatan ka sa isang paglilitis sa harap ng mga tagahatol.
- Ang County ay dapat magpakita ng pangangailangan sa pamamagitan ng "katunayan na lampas sa makatwirang pag-aalinlangan."
- May karapatan kang dumalo sa pagdinig at tumestigo o patestiguhin ang pamilya at mga kaibigan para sa iyo.

- May karapatan kang hingin ang mga dokumento at testigo at kumuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagtuklas.
- May karapatan kang humiling ng independiyenteng pagsusuring pangkaisipan ng pangangailangan para sa conservatorship.

PAANO KO IHAHANDA ANG SARILI PARA SA KORTE?

- Ayusin ang katawan at kasuutan.
- Manatiling kalmado, kahit na hindi ka sumasang-ayon sa sinasabi ng ibang mga tao tungkol sa iyo.
- Ipagbigay-alam na sinabi ng doktor na ikaw ay may kondisyong pangkaisipan.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuri ng doktor, ipaliwanag kung bakit.
- Ipagbigay-alam na nagrekomenda ng mga gamot ang doktor.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa inirerekomenda ng doctor, ipaliwanag kung bakit.
- Maghanda ng sariling plano upang ipakita na puwede kang magkaloob ng sariling pagkain, damit at tirahan.
- Kumuha ng nakasulat na mga pahayag o testimonya tungkol sa tulong ng ikatlong partido, kung kailangan.

ANO ANG TULONG NG IKATLONG PARTIDO?

Ang tulong ng ikatlong partido ay tulong mula sa mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan o ahensiyang nakabase sa komunidad upang masigurado na ikaw ay may pagkain, damit at tirahan. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Tutulungan ka ng iyong ina na pamahalaan ang iyong mga benepisyong SSI.
- Ang matalik mong kaibigan ay bibisita sa iyo araw-araw o sasamahan ka sa iyong tirahan.
- Ang isang tagaserbisyong panlipunan ng county ay tutulong sa iyo na humanap at magpanatili ng bahay.
- Ang isang nars ay bibisita sa iyong apartment upang subaybayan ang iyong mga gamot at kalusugan ng katawan.
    - Ang isang tagaserbisyo ng In-Home Support Services (Mga Suportang Serbisyo sa Bahay) ay maghahanda ng mga pagkain.
    - Ang isang espesyalista sa pagpapanibagong-tatag ukol sa kalusugan ng isip ay tutulong sa iyong matutong maghanda ng sarili mong pagkain araw-araw.

SINO ANG MAAARING MAGING CONSERVATOR?

- Maaari kang magtalaga ng sinuman na gusto mong maging conservator mo.
- Ang batas ay may listahan ng mga mapipili, nagsisimula sa mga miyembro ng pamilya.
- Kung sino ng itatalaga ay pagpapasiyahan ng hukom.
- Ang pampublikong tagapangalaga ng county ay maaaring italaga kung walang ibang makuha.

HANGGANG KAILAN TUMATAGAL ANG LPS CONSERVATORSHIP?

Ang LPS Conservatorship ay puwedeng tumagal ng hanggang isang taon. Ito ay puwedeng bigyan ng panibagong-bisa sa korte sa katapusan ng taon.

ANO ANG PANSAMANTALANG LPS CONSERVATORSHIP?

Ang pansamantalang LPS ay kapag ang isang hukom ay nagtalaga ng isang tao na gagawa ng ilang desisyon para sa iyo hanggang 30 araw. Tanging ang imbestigadot ng county ukol sa conservatorship ang maaaring magpetisyon para dito. Karaniwan, ito ay ginagawa upang panatilihin ka sa ospital para sa panahong ito. Pero may karapatan kang ilagay sa pinakamaluwag na kapaligirang angkop. May karapatan ka ring tumanggap ng nakasulat na paunawa nang hindi kukulangin sa limang (5) araw bago ang pagtatatag ng isang pansamantalang conservatorship. Maaari kang humiling ng pagdinig upang salungatin ito.

ANO ANG MGA KARAPATAN NA MANANATILI SA AKIN KUNG ILALAGAY AKO SA LPS CONSERVATORSHIP?

- May karapatan kang tumanggap ng mga serbisyo at suporta kaya ang conservatorship ay hindi kailangan.
- May karapatan kang magsuot ng sarili mong mga damit, gumawa ng kompidensiyal na mga tawag sa telepono, tumanggap ng hindi pa nabubuksang sulat, magkaroon ng mga bisita, magkaroon ng sariling espasyong taguan ng gamit, mag-ingat ng makatwirang halaga ng sarili mong pera at ibang mga karapatan.
- May karapatan kang lumahok sa mga desisyon tungkol sa paggamot at paglalagay sa iyo.
- May karapatan ka sa sariling pagpapasiya tungkol sa iyong katawan.
- Bilang pagkilala sa karapatan sa sariling pagpapasiya, kailangang kumuha ng may-kaalamang pahintulot para sa hindi pangkaraniwang paggamot.
- Ikaw ay ipinapalagay na may kakayahang magkaloob ng may-kaalamang pahintulot. Ang mga panghaliling kagamitang pangkomunikasyon ay maaaring kailangan upang makatulong sa iyo.
- Puwede kang gumawa ng mga desisyon maliban kung napag-alaman na wala kang kakayahang gawin ito.

SINO ANG MAGPAPASIYA KUNG AKO AY MAY KAKAYAHANG GUMAWA NG MGA DESISYON TUNGKOL SA PAGGAMOT SA AKIN?

Ang hukom ang siyang nagpapasiya kung ano ang mga karapatan na dapat kunin sa iyo. Ang desisyong ito ay batay sa ulat ng imbestigador ng county ukol sa conservatorship. Ang ulat ay maaaring magrekomenda na ang mga sumusunod na karapatan ay kunin mula sa iyo:

- Ang karapatang bumoto,
- Ang karapatang pumasok sa mga kontrata,
- Ang karapatang magmaneho,
- Ang karapatang mag-angkin ng baril,
- Ang karapatang gumawa ng mga desisyon sa paggamot tungkol sa iyong kondisyong pangkaisipan, at
- Ang karapatang gumawa ng ibang mga desisyon sa paggamot.

PAANO IPINAPASIYA NG HUKOM KUNG ANONG MGA KARAPATAN ANG AALISIN SA AKIN?

Ipinapasiya ng hukom kung anong mga karapatan ang dapat alisin sa iyo batay sa mga bagay na iniharap tungkol sa iyong kakayahang gamitin ang bawat karapatan. Halimbawa:

- Dapat manatili ang iyong karapatang bumoto kung naiintindihan mo ang pagpaparehistro bilang botante.
- Dapat manatili ang iyong karapatang gumawa ng mga desiyon sa paggamot kung naiintindihan mo ang mga benepisyo at panganib ng inirerekomendang paggamot at nagagawa mong ipahayag ang gusto sa mga angkop na mapipili.

ANO ANG GINAGAWA NG ISANG CONSERVATOR?

- Ang conservator ay may tungkulin na humanap ng matitirahan mo sa kapaligiran na may pinakamataas na pagkakaugnayan.

- Ang conservator ay may tungkulin na tulungan kang makakuha ng pagkain, damit, pangangalagang pangkalusugan at tirahan.
- Ang conservator ay may tungkuling tulungan kang makakuha ng mga serbisyo upang itaguyod ang iyong kakayahang mabuhay nang mas independiyente.
- Ang korte ay maaaring magbigay sa conservator ng kapangyarihang pamahalaan ang iyong ari-arian. Ito ay tinatawag na “conservator ng ari-arian.” [Tingnan ang polyetong Probate Conservatorship ng PAI].
- Ang mga letra ng conservatorship ay tumutukoy sa mga responsibilidad ng iyong conservator, at sa legal na mga karapatan na inalis sa iyo.

ANO ANG MGA KARAPATAN KO KUNG IPINASIYA NG KORTE NA WALA AKONG KAKAYAHANG GUMAWA NG DESISYON SA PAGGAMOT?

Ang conservator ay may tungkuling gumawa ng mga desisyon batay sa iyong mga kagustuhan. Ito ay nangangahulugang may karapatan kang lumahok sa

lahat ng desisyon sa paggamot. Dapat sumang-ayon ang conservator sa gusto mo maliban kung ang gusto mo ay hindi angkop batay sa mga tuntuning pangklinika.

ANO ANG PUWEDE KONG GAWIN KUNG HINDI AKO SUMASANG-AYON SA AKING CONSERVATOR?

Maaari kang humiling ng pagdinig ng korte kung nadarama mo na ang iyong conservator ay may sobrang kapangyarihan sa iyong buhay o inilagay ka sa isang lugar na masyadong mahigpit o nakakapigil sa gusto mong gawin.

- Maaari kang humiling ng "muling pagdinig" tungkol sa isang karapatan na inalis sa iyo at ibinigay sa iyong conservator.
- Maaari kang humiling ng "pagdinig na pagrepaso ng paglalagay" upang lumipat sa hindi masyadong mahigpit, mas nakaugnay na kapaligiran.
- Ang muling pagdinig ay puwedeng hilingin anumang oras pagkaraan ng pagtatalaga sa isang conservator.
- Sa sandaling humiling ka ng muling pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng isa pa tungkol sa kaparehong isyu sa anim (6) na buwan.
- Laging maaari mong salungatin ang paglalagay sa iyo o mga kondisyon ng pagkulong sa pamamagitan ng writ of habeas corpurs. Ang "writ of habeas corpus" ay nangangahulugang may nagkukulong sa iyo at may karapatan kang malaman kung bakit.

PAANO AKO MAKAKAALIS SA CONSERVATORSHIP?

- Maaari kang humiling ng "muling pagdinig"sa iyong kalagayan bilang conservatee anumang oras pagkaraang magtalaga ang hukom ng isang conservator.
- Sa sandaling humiling ka ng "muling pagdinig" sa iyong katayuan bilang conservatee, dapat kang maghintay ng anim (6) na buwan upang humiling ng isa pang katulad na pagdinig.
- Ang conservatorship sa iyo ay awtomatikong natatapos pagkaraan ng isang taon, maliban kung hinangad ng county na muling itatag ito.

PAANO KO MASASALUNGAT ANG MULING PAGTATATAG NG CONSERVATORSHIP?

- Dapat ipagbigay-alam sa iyo ng County hindi kukulangin sa tatlumpung (30) araw bago matapos ang isang taon na LPS conservatorship kung balak nitong muling maghangad ng muling pagtatatag.
- Kung hindi, ang iyong mga karapatang salungatin ang muling pagtatatag ay katulad ng iyong mga karapatang ilagay noong una sa conservatorship, na tinalakay sa itaas.

Kung may mga katanungan ka tungkol sa LPS conservatorships, kontakin ang Tagapagtaguyod ng County sa mga Karapatan ng Pasyente

o

Pampublikong Tagapagtanggol

o

Protection & Advocacy, Inc.

Walang Bayad: 1-800-776-5746

Publication #5225.08
Tagalog August 2001